
5

# MAPEH (Arts)

## Unang Markahan – Modyul 2: Gawa Kong Banga, Kahanga-hanga



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**MAPEH (Music) – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 2: Gawa Kong Banga, Kahanga-hanga**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Geneva L. Iligan
**Editors:** Celestino I. Sapiler, Jr., Analou R. Montilla, Marlito P. Malinao
**Tagasuri:** Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Charo C. Sombilon, Ariel C. Tiston
**Tagaguhit:** Jeremaicha Elijah I. Iligan
**Tagalapat:** Eden Lynne V. Lopez
**Tagapamahala:**
Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Nova P. Jorge
Raul D. Agban
Lorelei B. Masias
David E. Hermano, Jr.
Shirley L. Godoy
Eva D. Divino
Jo-Ann C. Rapada

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________________________

**Department of Education – Region VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: (053) 323-3156
E-mail Address: region8@deped.gov

5

# MAPEH (Arts)

## Unang Markahan – Modyul 2:
## Gawa Kong Banga, Kahangahanga

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **MAPEH (Arts) 5** ng Alternative Delivery Mode (ADM) **Modyul para sa araling Gawa Kong Banga, Kahangahanga.**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa Mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **MAPEH (Arts) 5 ng** Alternative Delivery Mode (ADM) **Modyul ukol sa Gawa kong Banga, Kahangahanga.**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong mabigyan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong ipagpaliban ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawain para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng inaasahang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang alinmang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, na sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Ang banga ay isa sa mga pangunahing kagamitan ng ating mga ninuno. Mahalaga ang papel na ginagampan nito sa pagtuklas ng mga bakas at paghubog ng mayamang kultura at sining ng bansa.

May mga iba't ibang pamamaraan sa pagguhit ang maaaring gamitin upang maipakita ang disenyo nito. Ito ay ang *crosshatching* at *contour shading*. Sa araling ito ay matutunan natin ang paggawa ng mga ilusyon ng lalim at layo sa paglalarawan ng isang *3D* na bagay, gamit ang cross-hatching at *shading technique* at sabay-sabay nating kamtin ang mga sumusunod:


a. Natutukoy ang mga sinaunang bagay o antigong kagamitan sa ating paligid na dapat bigyang-halaga.

b. Nakagagawa ng ilusyon ng lalim at layo sa pagsasalarawan ng isang 3D na bagay gamit ang pamaraang crosshatching at *shading* sa pagguhit.

c. Napapahalagahan ang mga sinaunang bagay gaya ng banga bilang bahagi ng kasaysayan na nagpapakita ng pagkamalikhain ng ating mga ninuno.

## *Subukin*

Panuto: Gayahin ang larawan na nasa kaliwa sa pamamagitan ng pugguhit nito sa loob ng kahon na nasa kanan.

1. 

2.



Sagutin:

1. Ano ang larawan na ginaya mo? ________________________________________

2. Ano ang mga paraan na iyong ginamit upang mabigyan ito ng ilusyon
   na lilim at layo? ______________________________________________________

| Aralin 1 | Gawa Kong Banga, Kahanga-hanga |
|---|---|

Ang mga banga ng ating mga ninuno ay simbolo ng kanilang paniniwala sa kabilang buhay at ng kanilang pagka-unawa sa kapaligirang kanilang ginagalawan. Dito rin nasasalamin ang galing nila sa larangan ng sining. Importanteng malalaman natin ang mga banga sa kasaysayan ng Pilipinas.



## ***Balikan***

A. Sagutin ang mga tanong at isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Sa totoong buhay, nakakita ka na ba ng isang banga katulad ng iyong ginuhit kanina?
______________________________________________
2. Saan mo ito nakita? ______________________________________
3. Ito ba ay antigo o luma na? ________________________________
4. Ano kaya ang gamit ng isang banga noong unang panahon?
______________________________________________
5. Sa panahon ngayon, ganoon din ba ang paggamit nito?
______________________________________________
6. Nakalikha ka na ba ng isang banga?
______________________________________________
7. Anong paraan ang iyong ginagamit sa paglikha nito?
______________________________________________

Ang katutubong sining *(folk art)* ay isa sa mga pamana ng sining sa ating bansa. Kabilang dito ay ang mga inukit o nilililok na mga kahoy na pinagyaman ng ating mga kababayan o ng ilang tribong etniko.

B. 1. Ano ang tawag ng isang disenyo ng “okir” na anyong ahas at may katangian ng kurbang tila titik S na matatagpuan sa kaniyang pabalu-baluktot na katawan. Buuin ang wastong tawag nito sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga titik sa ibaba. Isulat sa tapat ang tamang sagot.

G A N A ______________________

## Tuklasin

Halina at mag-isip tayo! Handa na ba kayo? Larawan sa ibaba suriin ninyo.




Nakita mo na ba ang mga ito sa personal or sa telebisyon? Ano kaya ang mga ito?

Ang mga antigo o lumang kagamitan ay hindi lamang pinahahalagahan dahil sa angking katangian ng mga ito. Pinayayabong din at pinagyayaman ng mga ito ang kasanayan at kultura ng bansa. Taglay din ng mga sinaunang bagay ang pambihirang katangiang sining at mga kuwento na may kinalaman sa kasaysayan ng pamilya o tao. Maaari rin itong pagkunan ng kaalaman tungkol sa pamamaraan ng buhay sa nakaraang panahon at mahahalagang kaalaman tungkol sa kasaysayan ng isang lugar o bansa.


Sa araling ito, gagamitin ang banga bilang inspirasyon at paksa ng iguguhit na larawan. May mga teknik sa pagguhit na maaaring gamitin upang maipakita ang kakaibang disenyo nito.

## Suriin


Ang tinutukoy na teknik sa pagguhit na nakapagbibigay ng ilusyon ng lalim, layo at kapal sa iginuhit na bagay ay ang crosshatching at contour shading.

Ang crosshatching ay isang paraan ng shading kung saan paulit-ulit ang pagguhit ng pinag-krus na linya.

Halimbawa:



Ang isa pang paraan ng shading ay ang contour shading na nagagawa sa pamamagitan ng patagilid na pagkiskis ng lapis o iba pang gamit pangguhit sa papel.
Halimbawa:



## Pagyamanin


**Gawain 1.** Pagtukoy sa mga sinaunang bagay.


**Panuto:** Tukuyin ang mga bagay na ginamit ng ating mga ninuno. Lagyan ng tsek ( ✓ ) ang patlang kung ito ay sinaunang bagay at ekis ( X ) kung hindi.

______1. 

______2. 

_______ 3. 

_______ 4. 


_______ 5. 

**Gawain 2.** Pagguhit gamit ang crosshatching at contour shading


Panuto: Gumawa ng ilusyon ng lalim at layo sa pagsasalarawan ng isang 3D na bagay gamit ang pamaraang crosshatching at contour shading sa pagguhit.

Mga Hakbang sa Paggawa:

1. Matamang pagmasdan ang mga disenyo na nasa kaliwang kahon.
2. Pag-aralang mabuti ang pamaraang crosshatching at contour shading sa pagguhit.
3. Gamit ang lapis, gayahin ang larawan sa kaliwa sa pamamagitan ng pagguhit nito sa loob ng kahon na nasa kanan.
4. Suriing mabuti kung nabigyan ba ng *3D effect* ang mga iginuhit.



Crosshatching



Contour Shading

**Gawain 3.** Pagpapahalaga sa mga sinaunang bagay tulad ng banga.

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Iguhit sa patlang bago ang bilang ang masayang mukha  kung ang pangungusap ay nagsasaad ng pagpapahalaga sa banga at malungkot na mukha  naman kung hindi.

___________1. Bilang bahagi ng kasaysayan, ang banga ay hindi dapat sinisira.

___________2. Maaaring ilagay ang banga sa tamang lugar at gawing dekorasyon.

___________3. Pwede ring gawing basurahan ang banga.

___________4. Kapag marumi na ang banga ay itatapon ito.

___________5. Sikaping mabuti na mapreserba ang mga sinaunang bagay gaya ng banga.

## *Isaisip*

Panuto: Basahin ang mga tanong at sagutin ito sa pamamagitan ng pangungusap o sa isang maikling talata.

1. Anong antigong bagay ang natutunan mong iguhit?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

2. Paano mo naipakita ang ilusyon ng lalim, layo at kapal sa pagsasalarawan ng isang 3D na bagay?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

3. Paano mo mapapahalagahan ang mga antigong bagay tulad ng banga bilang bahagi ng kasaysayan?


   ____________________________________________________________


   ____________________________________________________________

## *Isagawa*


Panuto: Gamitan ng crosshatching at contour shading techniques ang mga naiguhit na mga banga na may iba't ibang laki sa larawang B upang magkaroon ito ng 3D effect tulad ng naipakita sa larawang A.


A. Crosshatching





B. Contour Shading





## *Tayahin*

A. Panuto: Maliban sa banga, ano pa ang ibang sinauna o antigong bagay na makikita sa paligid? Pwedeng magtanong sa mga nakatatanda at iguhit ito gamit ang pamamaraang crosshatching at contour shading sa loob ng kahon.

Crosshatching Technique

Contour Shading Technique

**Rubrik Para sa Pagguhit ng Banga**

**Panuto:** Lagyan ng tsek (✓) ang kaukulang kahon batay sa antas na nasunod.

Lumikha ng mga likhang sining ng isang selebrasyon gamit ang mga patapong bagay sa paligid. Gawin ito sa loob ng kahon.

| **Pamantayan** | **(5)** | **(3)** | **(1)** | **Marka** |
|---|---|---|---|---|
| Tamang pagguhit ng banga | Sadyang tama o wasto ang pagguhit ng disenyo ng banga | Malinaw na hindi gaanong tama ang disenyo ng banga | Halatang hindi tama ang disenyo ng naiguhit na banga | |
| Wastong paggamit ng techinique | Ang ginamit na teknik ay wasto, malinaw at masining | Malinaw ang ginamit na teknik pero hindi masyado masining | Hindi masining at malinaw ang teknik na ginamit | |
| Kalabasan | Ang kalabasan ng ginuhit ay may kaisahan, kaugnayan at nabigyang diin ang natatanging disenyo ng mga bangang iginuhit | Karamihan sa nilalaman ay may kaugnayan sa tema pero hindi masyado nabigyang diin ang mga natatanging disenyo. | Walang kaisahan at kaugnayan sa tema at hindi nabigyang diin ang mga natatanging disenyo ang mga bangang iginuhit | |

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Gamit ang naibigay na techniques, iguhit sa loob ng kahon ang bagay na nakasaad nito.

1. Plorera
2. Timba
3. Baso
4. Sombrero
5. Kaldero
6. Bote

# *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. Depende sa guhit ng mag-aaral
2. Depende sa guhit ng mag-aaral

**Balikan**

A. 1-6 depende sa sagot ng mag-aaral

B. 1. N A G A

**Pagyamanin**

**Gawain 1**

1. X  2. /  3. /  4. /  5. X

**Gawain 2**

1. Depende sa guhit ng mag-aaral (refer to rubrics)
2. Depende sa guhit ng mag-aaral (refer to rubrics)

**Gawain 3**

1.  2.  3.  4.  5. 

**Isa-isip**

1. Banga
2. Sa pamamagitan ng paggamit ng crosshatching and contour shading
3. Sa pamamagitan ng paglagay nito sa tamang lugar at gawaing dekorasyon at sikaping mabut na ang mga sinaunang bagay ay mapreserba.

**Isagawa**

- Depende sa guhit ng mag-aaral (refer to rubrics)

**Tayahin**

- Depende sa guhit ng mag-aaral (refer to rubrics)

**Karagdagang Gawain**

- Depende sa guhit ng mag-aaral (refer to rubrics)

## *Sanggunian*


Copiaco, Hazel, and Emilio Jacinto Jr. Halinang Umawit At Gumuhit 5. Reprint, Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines: Vibal Group Incorporated. 2016, 2016, p 104-104

https://lrmds.deped.gov.ph/search?filter=&search_param=all&query=Banga

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph